Republic of the Philippines
**Department of Education**
Caraga Region
SCHOOLS DIVISION OF SURIGAO DEL SUR

DEPED-DIVISION OF SURIGAO DEL SUR
RELEASED
DATE: July 29, 2025
TIME: 8:21 am
SIGNATURE:

PANDIBISYONG MEMORANDUM
Blg. 709 , s. 2025

To: Tagamasid Pampurok
Pandistritong Tagapag-ugnay sa Filipino
Pinuno ng mga Pampublikong Paaralan
At iba pang sangkot

**PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKA 2025**

1. Alinsunod sa Proklamasyon Bilang 1041 s. 1997, ang Buwan ng Wikang Pambansa ay ipagdiriwang tuwing buwan ng Agosto 1-31 ng bawat taon. Sa pangunguna ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF), ang tema sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2025 ay" **Paglinang sa Filipino at Katutubong Wika: Makasaysayan sa Pagkakaisa ng Bansa**".

2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang sumusunod:

   a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg 1041.
   b. Maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Filipino ukol sa wika at kasaysayan nito.
   c. Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
   d. Maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.
   e. Maipakilala sa mga mamamayang Pilipino ang KWF bilang ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga progmang pangwika.

3. Hinihikayat ang mga paaralan at distrito na magkaroon ng lunsarang programa at magpatupad ng mga gawaing kaugnay sa tema, maaring magkaroon din ng mga patimpalak sa **LikhaKwento, TahiRawan at BidyoKasiya**. Ang pamantayang susundin ay ang ginamit sa National Festival of Talents (NFOT) 2024.

4. Pinapayuhan din ang lahat ng guro at mag-aaral na magsalita ng wikang Filipino at magsuot ng kasuotang Filipino/katutubo tuwing lunes sa buong buwan ng Agosto.

5. Narito ang mga nakahanay na pansangay na gawain.

| Linggo | Panukalang Gawain |
|---|---|
| Agosto 4-8 | • Pambungad na programa bilang pagbubukas ng Buwan ng Wikang Pambansa (Pampaaralan)<br>• Pagbubukas ng online patimpalak (Pansangay-Pagkuha ng Larawan, Kartong editoryal) |
| Agosto 11-15 | • Pagpinalisa ng Marungko Modules (Key Stage 1)<br>• Online Patimpalak (Pagsulat ng Lathalain, Editoryal, Kolum, Balita, Balitang Isports) |
| Agosto 18-22 | • Pagbuo ng Modyul sa Pagbasa sa Key Stage 2 at 3)<br>• Online Patimpalak (Bidyokasiya)<br>• Pagsulat ng Maikling Kuwento (Guro) |
| Agosto 25-29 | • Panapos na programa (Pansangay)<br>• Munting Handog (sa mapipiling paaralan)<br>• Pagbibigay ng parangal sa mga nagwagi sa paligsahan |

6. Magkakaroon din ng pang-opisinang pagdiriwang ng buwan ng wika sa **Agosto 25, 2024, 2:00-5:00 nh**, kung saan ang mga kawani sa OSDS, CID, SGOD, tagamasid pampurok ay hahatiin sa tatlong pangkat para sa mga sumusunod na paligsahan:

   a. Sursur Ginoo at Binibining Wika 2024
   b. Awiting Kundiman
   c. Katutubong Sayaw
   d. Laro ng Lahi
   e. Pista sa Nayon

7. Sa pagsasagawa ng mga nabanggit na gawain, dapat tiyakin ang pagtalima sa DepEd Order (DO) No. 9, s. 2005 (Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith) na hindi ito makaaabala ng regular na klase. Gayundin tiyakin ang pagsunod sa mga tuntuning isinasaad sa DO 66 s. 2027 (Implementing Guidelines on the Conduct of Off-Campus Activities) kaugnay sa pagsasagawa ng mga Off-Campus Activity.

8. Magkakaroon ng pagpupulong ang mga opisyal ng pandistritiong tagpag-ugnay sa Filipino ngayong July 30, 2025, 9:00 nu- 4:00 nh sa Division Conference Hall, DepEd Division Office, Balilahan, Mabua, Tandag City.

| | |
|---|---|
| Pangulo: | Antonio Camingue |
| Pangalawang Pangulo: | Vilma Aguhob |
| Kalihim: | Lineden T. Cembrano |
| Taga-ingat Yaman: | Tita T. Corpuz |
| Tagapagtuos: | Nelfe Tolentino |

9. Ang pondong gugulin para sa mga gawain, transportasyon at per diem ng mga kalahok sa pagpupulong ay nanggagaling sa local funds/school MOOE alinsunod sa alituntunin ng pamahalaan sa wastong pagtutuos at pag-aawdit

10. Hinihiling ang maaga, malawakan at dagliang pagpalaganap ng memorandum na ito.

**LORENZO O. MACASOCOL, PhD CESO V**
Tagapamanihalang Pansangay

Kalakip.: Gaya ng sinasaad
Sanggunian: RM at DM
Ilagay sa Palagiang Taluntunan
sa ilalim ng sumusunod na paksa

**CELEBRATIONS AND FESTIVALS**

**CURRICULUM**

**LEARNING AREA FILIPINO**

**SCHOOLS**

CID/iga
07/03/2025

CID

2025

Kalakip 01 sa Memorandum Pansangay blg. 309, s. 2025

**Pamantayan sa Pagsali sa Weekly Online Journalism Challenge**

Mag-aaral at mga guro sa sangay ng Surigao del Sur ang maaring lumahok sa weekly online journalism challenge, sa pamamagitan ng pag-comment sa Facebook (Kapisanan ng mga Guro sa Filipino-FB Page) post.

1. **Orihinal na Gawa**

Ang lahat ng lahok ay dapat sariling gawa ng kalahok at hindi kinopya mula sa iba. Hindi pinapayagan ang plagiarismo.

2. **Paglalagay ng Kumpletong Impormasyon**

Dapat ilagay sa comment ang:

a) Pangalan ng kalahok (buo o ayon sa patakaran)
b) Kategorya ng lahok (hal. Lathalain, Kartong Editoryal, Larawan, atbp.)
c) Pamagat ng gawa (kung naaangkop)
d) Ang aktwal na lahok (text, larawan, link o attachment)

3. **Pagsunod sa Itinakdang Tema o Paksa**
   Ang lahok ay dapat may malinaw na kaugnayan sa tema ng linggong paligsahan.

4. **Limitado sa Isang Lahok Bawat Kategorya**
   Bawat kalahok ay maaaring magsumite ng isang entry lamang sa bawat kategorya kada linggo.

5. **Deadline ng Pagsumite**
   Ang mga lahok ay dapat isumite bago ang itinakdang deadline, ayon sa opisyal na post.

6. **Wastong Paggamit ng Format ng Komento**
   Dapat sundin ang nakatakdang format o ayos ng pagsusumite sa comment section (ipapahayag sa announcement post).

7. **Bawal ang Spam at Hindi Kaugnay na Komento**
   Tanging opisyal na lahok lamang ang dapat ilagay sa comment section ng challenge post. Ang spam, off-topic na komento, o paulit-ulit na entry ay maaaring hindi isali.

8. Ang paghuhusga sa iba't ibang paligsahan ay nakabatay sa pamantayan ng NSPC 2024.

**Mga Panuntunan sa Pang-opisinang Patimpalak**

**Kwalipikasyon:**

1. Ang lahat ng kawani ng DepEd Surigao del Sur Division ay kailangang aktibong makilahok sa lahat ng mga gawain.
2. May tatlong pangkat na bubuuin. Ito ay naayon sa bilang na mapipili o makukuha.
3. Hindi na maaring sumali sa isahang paligsahan tulad ng awiting kundiman at Ginoo at Binibini ang mga kalahok na tapos ng magtanghal noong nakaraang taon para mabigyan ng pagkakataon ang ibang kawani na ipakita ang kanilang talent, husay at galing.

**Mga Panuntunan para sa Ginoo at Binibining Wika 2025**

**Mga Kategorya ng Paligsahan:**

1. **Kasuotan**: Filipiniana para sa kababaihan at Barong Tagalog para sa kalalakihan. Ang mga kalahok ay kinakailangang magpakita ng kanilang kasuotan sa paraang nagpapakita ng kanilang paggalang at pagmamahal sa kulturang Pilipino. Ang kasuotan ay dapat magpakita ng tradisyonal na disenyo at materyales na may kontemporaryong twist.
2. **Talento**: Orihinalidad, husay, at presensya sa entablado. Ang talento ay maaaring anumang uri ng sining tulad ng pagsayaw, pag-awit, pagtula, o iba pang talento na nagpapakita ng kulturang Pilipino. Ang pagtatanghal ay dapat na may malinaw na mensahe at epektibong naipapakita ang talento ng kalahok.
3. **Talumpati ng Adbokasiya**: Nilalaman, paghahatid, at kaugnayan sa tema ng pagpapalaganap ng wikang Filipino at kultura. Ang talumpati ay dapat maglaman ng malalim na pag-unawa at pagmamalasakit sa wikang Filipino at kulturang Pilipino. Dapat itong magbigay-inspirasyon at maghikayat ng aksyon mula sa mga tagapakinig.

**Pamantayan ng Paghatol:**

- **Kasuotan**:
  - **Pagkamalikhain at Orihinalidad (30%)**: Nagsasalamin sa kulturang Filipino.
  - **Pagiging Awtentiko sa Kultura (30%)**: Pagkakaroon ng tradisyonal na elemento at pagiging totoo sa kulturang Pilipino.
  - **Tindig at Tikas (40%)**: Paano ipinakita ang kasuotan; kasama dito ang paraan ng pagdadala ng kalahok sa kasuotan at ang kabuuang impresyon nito.
- **Talento**:
  - **Husay at Galing (40%)**: Sinusukat ang teknikal na kakayahan at husay sa pagpapatupad ng talento.
  - **Orihinalidad ng Palabas (30%)**: Sinusuri ang pagka-orihinal ng pagtatanghal.

- **Presensya sa Entablado at Pagtutugma sa Tema (30%)**: Sinusuri kung paano nakipag-ugnayan ang kalahok sa mga manonood at ang pangkalahatang presensya sa entablado.
- **Adbokasiya**:
  - **Nilalaman at Kahalagahan ng Mensahe (50%)**: Sinusuri ang lalim at kahalagahan ng mensahe na nais iparating ng talumpati.
  - **Paghahatid at Pagkukumbinsi (30%)**: Sinusukat kung paano epektibong naihatid ng kalahok ang kanyang mensahe at kung paano ito nakakumbinsi sa mga manonood.
  - **Kaugnayan sa Tema (20%)**: Sinusuri kung gaano kaakma ang talumpati sa tema ng pagpapalaganap ng wikang Filipino at kulturang Pilipino.

**Mga Gantimpala:**

- **Korona, sash, at sertipiko** para sa mga nanalo upang kilalanin ang kanilang kahusayan at kontribusyon sa pagpapalaganap ng wika at kultura.
- **Mga espesyal na gantimpala** para sa pinakamahusay sa talento, kasuotang kultura, at adbokasiya upang hikayatin ang paglahok at paggalang sa kulturang Pilipino.

### Mga Panuntunan sa Paligsahan sa Pag-awit ng Kundiman

1. **Kalahok**

   Ang bawat Pangkat ay may isang (1) kalahok lamang.

2. **Repertoire**
   - Ang mga kalahok ay kinakailangang umawit ng isang orihinal na kundiman, na isang uri ng tradisyonal na awit ng pag-ibig sa Pilipinas.
   - Kailangang isumite ang listahan ng mga kundiman na pipiliin ng mga kalahok sa komite ng paligsahan dalawang linggo bago ang kompetisyon. Ang listahan ay dapat maglaman ng pamagat ng awit at ang pangalan ng kompositor.
3. **Saliw**
   - Maaaring gumamit ng minus one, live accompaniment, o acapella. Hindi pinapayagan ang paggamit ng karaoke tracks na may kasamang boses ng ibang mang-aawit.
   - Kailangang isumite ang minus one track sa komite ng paligsahan isang linggo bago ang kompetisyon sa pamamagitan ng email o personal na pagsumite. Siguraduhing ang file ay nasa MP3 o WAV format.
4. **Tagal ng Pag-awit**
   - Ang pag-awit ay hindi dapat lumagpas sa limang (5) minuto. Ang bawat sobrang minuto ay magkakaroon ng kabawasan sa puntos ng bawat kalahok.
   - Ang oras ng pag-awit ay susukatin mula sa unang tunog ng pag-awit hanggang sa huling tunog o nota.
5. **Kasuotan**

- Ang mga kalahok ay hinihikayat na magsuot ng kasuotang tradisyunal o Filipiniana na angkop sa pag-awit ng kundiman. Maaaring magsuot ng Barong Tagalog para sa kalalakihan at Filipiniana dress para sa kababaihan.
- Ang kasuotan ay dapat na disente at kaaya-aya sa paningin ng mga manonood at mga hurado.
-

**6. Paghatol (Criteria for Judging)**

- **Boses at Tinig (Voice Quality): 40%**
  - **Kalinawan ng Boses**: Sinusuri ang kalinawan ng pagbigkas at paghahatid ng mga salita. Importante na ang bawat salita ay malinaw at naiintindihan ng mga tagapakinig.
  - **Tamang Tono**: Sinusuri ang pagkakatama ng tono sa buong kanta. Dapat ay wasto ang pag-awit sa tamang tono mula simula hanggang wakas.
  - **Ganda ng Tinig**: Sinusuri ang natural na kagandahan ng boses ng mang-aawit. Kasama dito ang kalidad ng boses, timbre, at resonance.

- **Interpretasyon (Interpretation): 30%**
  - **Pag-unawa at Damdamin**: Sinusuri kung gaano kalalim ang pag-unawa ng mang-aawit sa kanta. Dapat ay naipapakita ang tamang damdamin at emosyon na akma sa mensahe ng kanta.
  - **Tamang Emosyon at Pagdadala ng Awit**: Sinusuri kung gaano kahusay ang mang-aawit sa paghahatid ng emosyon sa pamamagitan ng kanyang boses at kilos. Dapat ay damang-dama ang awit sa bawat pahayag ng salita at tono.

- **Tindig at Porma (Stage Presence): 20%**
  - **Kumpiyansa**: Sinusuri kung gaano ka-kumpiyansa ang mang-aawit sa kanyang pagganap. Mahalaga ang pagpapakita ng tiwala sa sarili.
  - **Tamang Postura**: Sinusuri ang tamang postura sa pag-awit. Dapat ay maayos ang tindig mula simula hanggang wakas.
  - **Magandang Paggalaw sa Entablado**: Sinusuri ang mga kilos at galaw sa entablado. Dapat ay natural at naaayon ang bawat galaw sa tema ng kanta.

- **Kasuotan (Attire): 10%**
  - **Pagiging Angkop sa Tema**: Sinusuri kung ang kasuotan ay akma sa tema ng kompetisyon at sa kantang inaawit.
  - **Ganda ng Kasuotan**: Sinusuri ang estetika ng kasuotan. Dapat ay maganda, disente, at kaaya-aya sa paningin ng mga hurado at manonood.

## Panuntunan para sa Folk Dance o Katutubong Sayaw

### Kalahok

- Ang bawat pangkat ay dapat binubuo ng 8-12 miyembro.
- Ang mga miyembro ng grupo ay maaaring manggaling mula sa iba't ibang Functional Divisions basta't sila ay empleyado ng DepEd Surigao del Sur Division.

### Kasuotan at Props

- Kailangang maghanda ng sarili nilang mga kasuotan at props na angkop sa sayaw na kanilang ipapakita.

### Kasuotan

- Dapat tradisyunal at naaayon sa kulturang Pilipino. Maaaring gumamit ng kasuotang katutubo, Barong Tagalog, o Filipiniana.
- Ang kasuotan ay dapat disente, komportable, at maganda sa paningin ng mga manonood at hurado.
- Ang mga kalahok ay hinihikayat na magsuot ng mga kasuotang nagpapakita ng yaman ng kultura at tradisyon ng iba't ibang rehiyon ng Pilipinas.

### Props

- Dapat na angkop sa tema at sayaw na ipinapakita.
- Dapat ay hindi magdudulot ng kapahamakan o aksidente sa mga miyembro ng grupo o manunuod.
- Ang mga props ay maaaring mga tradisyunal na gamit sa sayaw tulad ng abaniko, arnis, banderitas, at iba pa.

### Pamantayan sa Paghatol (Criteria for Judging)

**1. Pagkakaisa o Synchronization: 40%**

- **Husay ng Galaw at Koordinasyon:** Sinusuri dito ang pagsabay-sabay ng mga galaw at pagkakaisa ng grupo sa bawat hakbang. Ang bawat miyembro ay dapat nagkakaisa sa bawat kilos, nagpapakita ng mahusay na teamwork at koordinasyon.
- **Konsistensiya:** Ang bawat galaw ay dapat pare-pareho at sabay-sabay, nagpapakita ng pagkakaisa ng grupo.

**2. Teknikal na Husay (Technical Skill): 30%**

- **Kasanayan sa Pagsasayaw:** Sinusuri dito ang husay sa pagganap ng sayaw, kasama na ang tamang postura, ritmo, at bilis ng galaw.
- **Tamang Galaw:** Dapat ay tama at eksakto ang bawat galaw, nagpapakita ng kasanayan at pagsasanay ng bawat miyembro.
- **Postura at Ritmo:** Dapat ay tama ang tindig at ritmo ng mga mananayaw, nagpapakita ng propesyonalismo at husay sa sining ng pagsasayaw.

**3. Pagkamalikhain (Creativity): 20%**

- **Orihinalidad:** Sinusuri dito ang malikhaing pagbuo ng mga hakbang at ang pagpapakita ng kultura sa pamamagitan ng sayaw.

- **Artistikong Pagpapahayag:** Ang bawat galaw at kilos ay dapat nagpapakita ng artistikong pagpapahayag ng tema at kwento ng sayaw.

- **Innovation:** Paggamit ng mga bagong ideya at konsepto sa pagpapahayag ng tradisyunal na sayaw.

**4. Pangkalahatang Epekto (Overall Impact): 10%**

- **Kabuoang Presentasyon:** Sinusuri dito ang kabuuang impresyon at dating ng sayaw sa mga manonood at hurado. Kasama dito ang kasuotan, props, at ang paraan ng pagganap ng mga mananayaw.

- **Visual Appeal:** Ang presentasyon ay dapat kaaya-aya sa mata ng mga nanonood.

- **Epekto sa Manonood:** Dapat ay mayroong malakas na impact sa mga manonood at hurado, nagpapakita ng kabuuang husay ng grupo.